

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA IV

## Yunit I

### Modyul Blg. 8

#### Moralidad Ko, Tingatan Ko

#### I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Isang pagbati na naman dahil natapos mo na ang mga nakaraang aralin. Tiyak na gusto mo pang ipagpatuloy kaya huwag kang umayaw dahil ang araling ito ay kailangan mo.

Ang panahon ng pagiging tinedyer ay minsan lang dumating sa buhay ng isang tao. Kapag natapos na ang panahon ito hindi maaaring bumalik pa kaya hindi dapat na sayangin. Ang bawat pasya sa panahong ito ay mahalaga dahil may maidudulot na masama o mabuting bunga sa hinaharap.

Dito nangangailangan ng tiyak na batayang moral na siyang tutukoy sa iyong kilos kung tama o mali.

Ngayon, alamin mo ang nilalayan ng modyul na ito upang magkaroon ka ng gabay sa iyong gawain sa mga aralin.

LC 2.2 Nakikilala ang pamantayan ng moral na kilos (determinants of morality)

LC 2.3 Nasusuri ang isang kilos ayon sa pamantayang moral

- A. Nakikilala ang mga palatandaan ng moralidad ng isang kilos
- B. Nasusuri ang sariling kilos batay sa mga pamantayan ng moralidad
- C. Nakagagawa ng mga hakbangin tungo sa mapanuring pasya

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga IV kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang

iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang-aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at ibang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## **II. Handa Ka Na Ba?**

A. Isulat ang Tama kung ang pahayag ay wasto at Mali kung hindi.

1. Ang pagiging dalaga ay minsan lang dumarating sa babae, kaya ang puri ay pinahahalagahan.
2. Magpaalam sa magulang tungkol sa panahon kung kailan maaaring manligaw o ligawan.
3. Ang panonood ng X-rated na pelikula ay natural lang sa mga tinedyer.
4. Magkaroon ng limitasyon sa mga lugar na papasyalan kung may kasama na nasa katapat na kasarian.
5. Ang disco ay para sa lahat ng nais magsayaw kaya maaari kang makisayaw sa kahit na sino na nasa sayawan.

6. Karaniwan na sa mga tinedyer na tumakas sa bahay kung hindi sila pinayagang sumama sa kanilang kabarkada.
  7. Ang pagsasabi ng totoo sa kapwa ay maaaring ikagalit niya subalit dapat pa rin itong gawin.
  8. Ang pag-aasawa ay nasa takdang panahon kaya kung tinedyer ka at nabuntis ay maaaring masira ang iyong kinabukasan.
  9. Marami ang gumagawa ng mali sa ating paligid kaya kung gumawa na man ng hindi tama ngayon, hindi na ito mapapansin.
  10. Kung husto lamang ang iyong pamasaha at nakasakay mo ang iyong boss, huwag mahiyang magbayad para sa iyong sarili lamang.
- B. Basahing mabuti ang pahayag at piliin ang titik na may tamang sagot.
1. Tumunog ng malakas ang cellphone ni Ana habang nasa kalagitnaan ng pagsesermon ang pari. Nagtinginan ang mga tao at napahiya si Ana. Anong bahagi ng moralidad ng kilos ang hindi tama?
    - a. Ang partikular na kilos o gawain
    - b. Ang layunin o intensyon ng kilos
    - c. Ang sitwasyon o kondisyon
  2. Nagugutom na si Luisa kaya nang makita niyang may pagkain sa mesa kinain niya ito kahit alam niyang hindi ito sa kanya. Anong bahagi ng moralidad ng kilos ang hindi tama?
    - a. Ang partikular na kilos o gawain
    - b. Ang layunin o intensyon ng kilos
    - c. Ang sitwasyon o kondisyon
  3. Gusto ni Mario na makakuha ng mataas na marka sa pagsusulit kaya habang wala ang guro ay tiningnan niya ang susi sa pagwawasto na nasa ibabaw ng mesa ng kanyang guro. Anong bahagi ng moralidad ng kilos ang hindi tama?
    - a. Ang partikular na kilos o gawain
    - b. Ang layunin o intensyon ng kilos
    - c. Ang sitwasyon o kondisyon

4. Nakita ni Paula na dumarating ang pinagkakautangan ng kanyang nanay kaya nagmamadali niyang isinara ang lahat ng bintana at pinto ng kanilang bahay. Anong bahagi ng moralidad ng kilos ang hindi tama?
  - a. Ang partikular na kilos o gawain
  - b. Ang layunin o intensyon ng kilos
  - c. Ang sitwasyon o kondisyon
  
5. Nais ni Diana na manalo sa paligsahan sa pag-awit kaya kinausap niya ang isa sa mga magiging hurado upang masigurong mananalo siya. Anong bahagi ng moralidad ng kilos ang hindi tama?
  - a. Ang partikular na kilos o gawain
  - b. Ang layunin o intensyon ng kilos
  - c. Ang sitwasyon o kondisyon

### III. Tuklasin Mo

#### Gawain Blg. 1

Panuto: Suriing mabuti ang nasa mga larawan. Isulat sa ibaba ang kanilang kilos o gawaing ipinahihiwatig sa larawan.



---

---

---

---

#### Sagutin Mo

1. Paano ipinakita sa mga larawan ang kanilang kasiyahan?
2. Paano nagiging masaya ang isang tao sa kanyang kilos o gawain?

## Gawain Blg. 2

Basahin ang usapan ng mga mag-aaral sa kantina. Punahin ang mga tama at maling kilos ng mga tauhan.

Nagmamadaling pumasok sa kantina ng paaralan sina Mila at Rosa. Nagulat sila dahil mahaba na ang pila. Hinanap nila ang kamag-aral na si Laura.

Mila: Napakahaba na ng pila.

Rosa: Ayun si Laura. Malapit na siya sa kahera.

Lumapit ang dalawa kay Laura.

Mila: Mabuti at malapit ka na sa kahera.

Laura: Bakit ang tagal ninyong dumating. Marami na ang nakapila.

Rosa: Dumaan pa kami sa Library at nanghiram ng aklat.

Mila: Nagugutom na ako. Pasingit naman sa pila.

Laura: O sige, huwag kang magpahalata.

Rosa: Nakakahiya sa mga nakasunod sa pila. Sige doon na lamang ako sa likod.

## Sagutin Mo

1. Ano ang iyong napansin sa mga kilos nina Mila, Rosa at Laura?
2. Sino sa mga tauhan ang nagpakita ng tamang kilos? Bakit?
3. Sino sa mga tauhan ang nagpakita ng maling kilos? Bakit?
4. Kailan mo masasabing tama o mali ang kilos ng tao? Ipaliwanag.

### Gawain Blg. 3

Basahin ang usapan at sagutin ang mga tanong:

Isang pagtatagpo ng tatlong magkakaibigan sa loob ng halamanan ng paaralan.

Jane: Rod, Lita, mga matalik ko kayong kaibigan. May sasabihin ako sa inyo, isang suliranin na kailangan kong lutasin.

Rod: Lahat naman tayo ay may kanya-kanyang suliranin.

Lita: Oo nga kaya lang iba-iba ang antas nito. Bilang iyong mga kaibigan, ano ang nais mong sabihin at baka matulungan ka naming?

Jane: Buntis ako ngayon. Naging mapusok kami ng aking kasintahan. Ano kaya ang aking gagawin?

Rod: Problema nga iyan. Alam na ba ito ng mga magulang mo?

Jane: Hindi pa. Hindi ko binigyan ng kahulugan sa aking buhay ang ating aralin tungkol sa sekswalidad.

Lita: Bakit ba nangyari iyon?

Jane: Hindi ko lubos naisip ang magiging kahihinatnan ng aking pasya. Kapwa kami natukso.

Rod: Marahil dapat nating ipaalam ito sa iyong mga magulang. Sana ay huwag mong maisip na ipalaglag ang batang iyan.

Lita: Tama. Ang batang iyan ay may karapatang isilang at karapatan sa buhay.

Jane: Tama, ang pagiging mapusok naming ay hindi dahilan dahil dapat noong una pa lamang ay naisip na naming mali ang aming ginawa.

Lita: Humahanga ako sa iyong pag-amin ng iyong kakulangan. Ang dapat ay magkaroon tayo ng batayan sa ating mga kilos at pasya.

Rod: Tama ka. Ngayon ang dapat nating gawin ay tulungan kang kausapin ang iyong mga magulang.

Jane: Salamat sa inyo.

### Sagutin Mo

1. Ipaliwanag ang suliranin ni Jane.

2. Ano ang dapat naging pasya ni Jane upang hindi ito nangyari?
3. Bakit mahalagang may pamantayang moral na sinusunod sa pagpapasya?

#### IV. Ano Ang Iyong Natuklasan?

A. Panuto: Gumawa ng isang listahan ng mga pamantayan ng tamang kilos o gawain.

- ■ \_\_\_\_\_
- ■ \_\_\_\_\_
- ■ \_\_\_\_\_
- ■ \_\_\_\_\_
- ■ \_\_\_\_\_
- ■ \_\_\_\_\_
- ■ \_\_\_\_\_

B. Panuto: Alalahanin ang mga kilos sa loob ng isang araw. Suriin ang mga kilos o gawaing sa iyong palagay ay nagkamali ka. Isulat sa tapat nito ang nararapat mong ginawa upang naging tama ang iyong kilos

Maling Kilos sa Loob ng Araw na Ito	Nararapat na Kilos Upang hindi nagkamali



## V. Pagpapatibay

### Tatlong Bahagi ng Moralidad ng Kilos:

#### Batayan sa Pagpapasya sa Wastong Kilos

Nagtagubilin si St. Thomas Aquinas tungkol sa tatlong bahagi ng moralidad ng kilos. Ang lahat ng ito ay nararapat sa mabuting pagkilos. Ang mga ito ay ang sumusunod:

1. Ang partikular na kilos o gawain
2. Ang pansariling motibo o layunin
3. Ang sitwasyon o kondisyon

Ang uri ng kilos o gawain ay nararapat na mabuti. Kaya ang pagpapasya sa pagkilos ay mahalaga. Ang batas moral ay nakatutulong dito sapagkat ito ang gabay sa tamang kilos. Walang ibang dapat sisihin kung ang iyong ikinilos ay mali dahil ito ay nararapat na pinag-isipan at ibinatay sa batas moral.

Ang intensyon o motibo ng kilos ay nararapat ding maging tama. Ito ay maaaring maging makatotohanan o tunay (objective) at pansarili (subjective). Mataas ang moralidad ng intensyon o motibo ng kilong kung ito ay objective kaysa subjective. Halimbawa: objective kung nais mong magtrabaho upang maiangat mo sa kahirapan ang iyong magulang. Samantala, subjective kung ang pagtatrabaho ay gagawin mo para sa iyong sariling kapakanan lamang.

Sa pagbuo ng ating pasya, mahalaga ang magkaroon ng pagbatay sa kabutihan upang ang ating ikinilos ay maging tama. Ang galit, kasakiman, pagkahilig, inggit, kawalan ng pag-asa, katamaran, pagkamataas at poot ay mga maling motibo.

Ang panghuli, ang pagkakataon o sitwasyon na kailangan ding tama. Piso o isang milyon man ang ninakaw ay pareho pa ring pagnanakaw. Hindi maaaring gawing katwiran na mayaman naman ang iyong ninakawan kaya hindi ito masama. Inaaasahan ding ang higit na nakatatanda, nasa katinuan, may mataas na pinag-aralan ay may mataas na kapasidad na gawin at kumilon nang taman. Halimbawa: kung ikaw ay isang guro at nakipag-away ka sa tindera sa palengke.

Siguradong maririnig mo na sasabihin ng mga tao na: “Para kang wlang pinag-aralan, guro ka pa naman.”

Kinakailangan na ang tatlong nabanggit ay tamang lahat. Hindi maaaring ikatwiran na: kaya ka nagnakaw ay upang mapakain mo ang mga nagugutom mong kapatid. Tama ang iyong intensyong mapakain ang mga nagugutom mong kapatid subalit mali ang iyong kilos na pinili, ang pagnanakaw. Isa pang halimbawa: tumawa ka lang naman ng malakas dahil nakakatawa ang kuwento ng iyong katabi. Subalit tumawa ka nang malakas habang nasa kalagitnaan ng misa kaya tumingin ang mga tao sa iyo at ang pari ay naistorbo. Sa ganitong sitwasyon o kondisyon, mali ang iyong kilos. Ang paggamit ng isipan at kalooban ay nararapat upang ang kilos ay maging tama at umayon sa tatlong bahagi ng moral na kilos. Alalahanin din ang mga batas moral upang ang kilos ay maibatay kung tama o mali.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Paano mo hihimukin ang mga nasa sumusunod na sitwasyon upang kumilos sila ng tama.

1. Sinabi ng iyong matalik na kaibigan na lalayas na siya sa bahay nila at titira na lamang sa bahay ng kanyang kasintahan. Palagi raw siyang pinagagalitan ng kanyang mga magulang. Mabuti pa raw ang mga magulang ng kanyang kasintahan dahil sila ay mababait. Tama ba ang kanyang pasya? Pangatwiran.
2. Bumagyo ng malakas at suspendido ang klase. Nagkataong pumasok kayong tatlo ng iyong mga kamag-aral. Pinalinis sa inyo ang cabinet ng inyong guro. Nakita ninyo na napakaraming papel kaya inilagay ninyo ang mga ito sa mga sako. Nagugutom na kayo kaya naisip ng isang mong kamag-aral na ibenta na lamang ang mga nalikom na sako ng papel. Tama ba ang kanilang pasya? Pangatwiran.

## VII. Gaano Ka Natuto?

- A. Isulat ang Tama kung ang pahayag ay wasto at Mali kung hindi.
1. Ang pagiging dalaga ay minsan lang dumarating sa babae, kaya ang puri ay pinahahalagahan.
  2. Magpaalam sa magulang tungkol sa panahon kung kailan maaaring manligaw o ligawan.
  3. Ang panonood ng X-rated na pelikula ay natural lang sa mga tinedyer.
  4. Magkaroon ng limitasyon sa mga lugar na papasyalan kung may kasama na nasa katapat na kasarian.
  5. Ang disco ay para sa lahat ng nais magsayaw kaya maaari kang makisayaw sa kahit na sino na nasa sayawan.
  6. Karaniwan na sa mga tinedyer na tumakas sa bahay kung hindi sila pinayagang sumama sa kanilang kabarkada.
  7. Ang pagsasabi ng totoo sa kapwa ay maaaring ikagalit niya subalit dapat pa rin itong gawin.
  8. Ang pag-aasawa ay nasa takdang panahon kaya kung tinedyer ka at nabuntis ay maaaring masira ang iyong kinabukasan.
  9. Marami ang gumagawa ng mali sa ating paligid kaya kung gumawa na man ng hindi tama ngayon, hindi na ito mapapansin.
  10. Kung husto lamang ang iyong pamasaha at nakasakay mo ang iyong boss, huwag mahiyang magbayad para sa iyong sarili lamang.
- B. Basahing mabuti ang pahayag at piliin ang titik na may tamang sagot.
1. Tumunog ng malakas ang cellphone ni Ana habang nasa kalagitnaan ng pagsesermon ang pari. Nagtinginan ang mga tao at napahiya si Ana. Anong bahagi ng moralidad ng kilos ang hindi tama?
    - a. Ang partikular na kilos o gawain
    - b. Ang layunin o intensyon ng kilos

- c. Ang sitwasyon o kondisyon
2. Nagugutom na si Luisa kaya nang makita niyang may pagkain sa mesa kinain niya ito kahit alam niyang hindi ito sa kanya. Anong bahagi ng moralidad ng kilos ang hindi tama?
    - a. Ang partikular na kilos o gawain
    - b. Ang layunin o intensyon ng kilos
    - c. Ang sitwasyon o kondisyon
  3. Gusto ni Mario na makakuha ng mataas na marka sa pagsusulit kaya habang wala ang guro ay tiningnan niya ang susi sa pagwawasto na nasa ibabaw ng mesa ng kanyang guro. Anong bahagi ng moralidad ng kilos ang hindi tama?
    - a. Ang partikular na kilos o gawain
    - b. Ang layunin o intensyon ng kilos
    - c. Ang sitwasyon o kondisyon
  4. Nakita ni Paula na dumarating ang pinagkakautangan ng kanyang nanay kaya nagmamadali niyang isinara ang lahat ng bintana at pinto ng kanilang bahay. Anong bahagi ng moralidad ng kilos ang hindi tama?
    - a. Ang partikular na kilos o gawain
    - b. Ang layunin o intensyon ng kilos
    - c. Ang sitwasyon o kondisyon
  5. Nais ni Diana na manalo sa paligsahan sa pag-awit kaya kinausap niya ang isa sa mga magiging hurado upang masigurong mananalo siya. Anong bahagi ng moralidad ng kilos ang hindi tama?
    - a. Ang partikular na kilos o gawain
    - b. Ang layunin o intensyon ng kilos
    - c. Ang sitwasyon o kondisyon

## VIII. Mga Sanggunian

De Torre, J. (1992). *Perspective: Current Issues in Values Education*. Manila: Sinagtala Publishers.

Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports-IMC. (1995). *Edukasyon sa Pagpapahalaga IV, Sangguniang Aklat*. Pasig City: May-akda.

Punsalan, T.G. (1999). *Maylalang*. Manila: Rex Bookstore.

## Susi sa Pagwawasto

Handa Ka na Ba? at Gaano Ka Natuto?

A.

1. Tama
2. Tama
3. Mali
4. Tama
5. Mali
6. Mali
7. Tama
8. Tama
9. Mali
10. Tama

B.

1. c
2. a
3. b
4. a
5. b